# Sundin Ang Loob Mo

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Rev. Fr. Leoncito Falcasantos, Jr.
Hulyo 20, 2024

"Ang Panalangin ng Panginoon" na kilala sa "Ama Namin" ay higit pa sa isang panalangin. Ang dasal na ito ay tinaguriang modelo ng panalangin dahil sakop nito ang mahahalagang bahagi ng isang madamdaming pakikipag-usap sa Diyos:

- Pagsamba – pagpuri sa Panginoon sa Kanyang kadakilaan.
- Pagsisisi – pagsisisi at pagpapatawad.
- Pagpapasalamat – pagpapahayag ng pasasalamat sa Diyos.
- Pagsusumamo – pagtataas ng mga kahilingan.

Ang pinakapuso sa Panalangin ng Panginoon ay ang, ***"Sundin ang loob Mo dito sa lupa para nang sa langit."*** Nagsisilbi itong makapangyarihang paalala tungkol sa buhay at ministeryo ni Hesus, kung saan nakapaloob ang pagsunod sa kalooban ng Diyos. Dahil dito napagtanto ng mga alagad na nais ng Ama na maligtas ang lahat ng tao at malaman ang katotohanan (1Tim2:4). Dagdag pa nito, binigyan diin ni Hesus ang kahalagahan ng pagmamahal sa kapwa tulad ng pagmamahal Niya sa atin, na ipinapakita ang lalim ng pagmamahal ng Diyos at panawagang mamuhay na may pagkakaisa at pagmamalasakit.

1. **Mga turo ni Hesus paano sundin ang kalooban ng Diyos:**
   1.1 Ibigin ang kaaway (Lukas 6:27-28).
   1.2 Ibigin ang mga mahihirap (Kaw.28:27).
   1.3 Mahalin ang hindi naniniwala sa pag-ibig.
2. **Mga simpleng bagay para masundan ang kalooban ng Diyos:**
   2.1 Damayan ang mga maysakit.
   2.2 Payuhan ang mga balo, non-Jews, at mga taong nakikilala.
   2.3 Maging mapagpakumbaba sa buhay.
   2.4 Magkaroon ng matibay ng pananalig.
   2.5 Maging mahinhin sa pananalita.
   2.6 Maging makatarungan.
   2.7 Maging maunawain sa gawa.
   2.8 Magkaroon ng disiplina na huwag saktan ang kapwa.
   2.9 Maging handa sa paghihirap.
   2.10 Mamuhay nang tahimik
3. **Pinagninilayang mga bagay:**
   3.1 **Sundin ang loob Mo.** Ang kaligtasan ng sangkatauhan ay ang kagustuhan ng Diyos. Kaya, pinili Niya ang pangalang "Hesus" na ibig sabihing nagliligtas ang Diyos. Dumating Siya para makipamuhay sa atin – "Emmanuel," sumasaatin ang Panginoon. Si Hesus noong nakaraan ay Siya rin sa kasalukuyan at Siya rin magpakailanman (Heb.13:8).

   3.2 Kung hinihiling natin na "masunod ang Kanyang kalooban," humihingi tayo ng biyayang makasunod, biyayang makinig ng Kanyang salita at ipagkatiwala ang ating sarili sa Ama.
   3.3 Kung lahat tayo ay nagdadasal na "masunod ang Kanyang kalooban," ipinapanalangin natin na nawa lahat ay makilala Siya, na patuloy tayong titipunin at gagawing Kanyang tirahan.
   3.4 Kung ang hiling natin, "masunod ang kalooban ng Diyos," dalangin natin mamuhay tayo ayon sa Kanyang kagustuhan, na mahalin ang kapwa gaya ng pagmamahal Niya sa atin.

**KONKLUSYON:** Samakatuwid, Ang Panalangin ng Panginoon **"sundin ang loob Mo"** ay hindi lamang binibigkas, kundi ito ay *plano o modelo* ng ating relasyon sa Ama at sa kapwa. Ginagabayan tayo sa pagkilala sa kabanalan ng Diyos, paghingi ng kapatawaran, pagpapahayag ng pasasalamat, at mababang-loob na pagbanggit sa ating mga pangangailangan, habang inihahanay natin ang ating sarili sa banal Niyang kalooban. Dagdag pa nito, ang Panalangin ng Panginoon ay malalim na halimbawa kung paano lalapit sa Diyos, na sakop ang mahahalagang aspekto sa relasyon sa Kanya: pagsamba, pagsisisi, pasasalamat, pagsusumamo. Sa Pamamagitan ng pagdasal nito at pag-unawa sa malalim na kahulugan, naihahanay natin ang ating sarili sa mga turo ni Hesus, na nagpapakita ng perpektong pagsunod sa kalooban ng Diyos. Kaya, si Hesus ang susi sa kalooban ng Ama; dapat mahalin ang kapwa gaya ng pagmamahal Niya sa atin, (Jn. 13:34-35).

**PAGNINILAY:**

1. Pagnilayan ang "sundin ang loob Mo." Ano ang ibig sabihin nito sa iyo? Paano mo mahahanap at matatanggap ang kalooban ng Diyos sa iyong buhay kahit taliwas ito sa sarili mong kagustuhan?
2. Paano mo mayayakap ang utos na ito at maisagawa sa pang araw-araw mong buhay?

**SCRIBES Ministry:**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #Panalangin